Palabas na **balita**

# Pag-aakit ng pandaigdigang talento upang malutas ang mga puwang sa merkado ng trabaho

Enero 18, 2023 Mga katanungan sa media

## Ang pamahalaan ng Alberta ay nagsisikap na makahikayat ng mas maraming mga bagong dating upang tumulong sa pagpapalago ng ekonomiya at pagtugon sa mga kakulangan sa trabaho sa mga pangunahing sektor.

Ang ekonomiya ng Alberta ay malakas na nakabawi at ang pinakamalaking isyu na humahadlang sa karagdagang paglago ng ekonomiya ay ang kakulangan ng trabaho. Gumagawa ang pamahalaan ng Alberta ng mga pagbabago sa Programa ng Kapakinabangan sa Imigrasyon ng Alberta [Alberta Advantage Immigration Program (AAIP)] na magpapataas ng mga pagkakataon para sa mga internasyonal, mataas na pangangailangang manggagawa na may malalapit na kamag-anak sa Alberta upang punan ang mga bakanteng iyon.

Ang AAIP ay isang programa sa pang-ekonomiyang imigrasyon na nagbibigay-daan sa Alberta na magmungkahi ng mga kwalipikadong manggagawa para sa permanenteng paninirahan. Kung ang mga bagong dating ay mayroon nang itinatag na sistema ng suporta kapag tumanggap sila ng trabaho sa lalawigan, mas malamang na magkaroon sila ng mas madaling paglipat sa isang bagong kultura at komunidad. Bilang karagdagan sa pagpapadali ng pagsasama sa buhay ng Alberta, nakakatulong din itong mapanatili ang mga manggagawang ito sa mas mahabang panahon.

Hinuhulaan ng mga eksperto sa industriya na makakaranas ang Alberta ng mga kakulangan sa dalubhasang manggagawa sa 2025 dahil sa paglago ng industriya at pagreretiro ng mga manggagawa. Sa kasalukuyan, ang Alberta ay mayroong 100,000 na bakanteng trabaho sa lalawigan sa lahat ng sektor. Kabilang sa mga kinakailangang sektor ang pangangalaga sa kalusugan, konstruksiyon, edukasyon, teknolohiya at pag-iinhinyero.

## Mabilis na mga Katotohanan:

- Noong Disyembre 2022, nakakuha ang Alberta ng mahigit sa 41,000 bagong full-time na trabaho para sa kabuuang halos 94,000 full-time na trabaho noong 2022. 221,000 full-time na trabaho ang idinagdag sa Alberta mula noong simula ng 2021.
- Nagtataya ang Alberta ng pinagsama-samang kakulangan sa trabaho ng 33,100 manggagawa pagsapit ng 2025 sa ilang iba't ibang mga trabaho, mga antas ng kasanayan at mga sektor
- Ang AAIP ay isang programang pang-ekonomiya ng imigrasyon na nagpapahintulot sa Alberta na magmungkahi ng mga indibidwal para sa permanenteng paninirahan.
    - Ang mga nominado ay dapat magkaroon ng mga kasanayan upang punan ang mga kakulangan sa trabaho sa Alberta at makayang maglaan para sa kanilang mga pamilya.
- Ang Imigrasyon, Mga Takas at Pagkamamamayan ng Canada [Immigration, Refugees and Citizenship Canada (IRCC)] ay nagtatakda ng mga taunang limitasyon sa nominasyon ng AAIP:
    - Noong 2022, inilabas ng AAIP ang lahat ng 6,500 na mga sertipiko ng nominasyon na inilaan ng IRCC sa mga dalubhasa at bahagyang dalubhasang imigrante sa pitong stream ng imigrasyon.
- 3,120 na mga sertipiko ang inilaan sa ilalim ng Alberta Express Entry Stream.

## Kaugnay na impormasyon

- Ang Pananaw sa Trabaho [Occupational Outlook] ng Alberta (2021-2030)
- Programa ng Kapakinabangan sa Imigrasyon ng Alberta (Alberta Advantage Immigration Program) - Mga Update
- Alberta Express Entry Stream

Mga katanungan sa media

**Garrett Koehler**

780-554-5777
Kalihim ng Press, Kalakalan, Imigrasyon at Multikulturalismo